



Sama-samang Pagtataguyod ng Paaralang Bayan Bilang Istratehiya sa Pag-oorganisa

Mga karanasan sa fieldwork sa South Daang Hari, Bagong Tanyag, Taguig*

Ma. Theresa V. Tungpalan

"Paliku-liko ang daan papunta sa erya, pasikut-sikot na tila daan ng buhay... Napansin ko agad ang mga pagawaan na nakapaligid dito. Matataas ang mga bakod – mga pader na tila mga pangarap ng mga tao – na sana ay mas mataas ang sahod upang makapamuhay nang maayos at marangal" -- Clark, 2002

Katulad ng ibang mga komunidad ng maralitang tagalunsod sa Metro Manila, karamihan sa mga naninirahan sa South Daang Hari ay kinakaharap ang magkakaugnay na mga isyu ng kawalan ng kasiguruhan sa paninirahan, kakulangan ng pangunahing serbisyong panlipunan at limitadong pagkakakitaan. Dagdag pa rito ay ang lumalalang sitwasyon ng kapayapaan dahil sa sugal, droga at krimen.

Kasabay ng tumitinding kahirapan ay ang patuloy na pagpapalakas ng mga lokal na organisasyon. Kumikilos sila upang hanapan ng kasagutan ang kanilang mga pangangailangan.

Isa sa mga lokal na inisyatiba ay ang pagtatayo ng Taguig Child Care and Development Learning Center, Inc. (TCCDLCI) noong 1994. Ito rin ay tinaguriang Paaralang Bayan dahil pinamamahalaan ito ng komunidad at layuning isulong ang interes ng mga maralita sa pamamagitan ng progresibong kurikulum sa edukasyong pambata. Pinangunahan ito ng mga organisasyon sa Purok 13 sa pakikipagtulungan sa Social Action Center ng St. Scholastica College (SAC-SSC). Sa loob ng pitong semestre

* Ang case study ay hango sa mga Integrated Fieldwork Reports , ebalwasyon kasama ng mga lokal na lider, at mga piling field journals ng mga estudyanteng nakipamuhay sa Taguig. Nakatuon ang sulatin sa Paaralang Bayan kaya hindi na nabigyan ng detalye ang iba pang naging gawain. Ang may akda ay nagsilbing fieldwork supervisor ng 7 semestre.



(Nobyembre 1998 hanggang Marso 2002), nakibahagi ang mga estudyante ng B.S. Community Development sa pagpapatatag ng mga lokal na organisasyon upang pamahalaan ang Paaralang Bayan at isulong ang usapin sa lupa at pabahay.

Ang SAC-SSC ang unang nag-organisa sa lugar. Nagtalaga sila ng organisador sa erya na nagsilbing field supervisor ng mga estudyante. Ang organisador din ang kinatawan ng Social Action Center sa loob ng Purok 13 Management Board. Noong 2000, nagsimulang mag-phase out ang SAC pero nanatiling exposure area ng St. Scholastica College ang lugar. Bukod sa organisador mula sa SAC, naging field supervisor din ng mga mag-aaral ang mga lokal na lider.

Maraming mga aral ang natutunan mula sa mga karanasang ito. Maraming tagumpay at krisis na dinaanan. Hindi naging madali ang mga gawain. Ngunit naging magaan ito dahil sa pagpupursigi at pag-asa ng mga lider na umahon mula sa kanilang mga problema.

I. Buhay sa Tabing-Riles

"Marami akong natutunan sa komunidad - kung paano makisama, tumintindi sa kalagayan nila at harapin ang mga problema"... Botch, 1999

Ang Taguig ay kabilang sa ika-4 na distrito ng Metro Manila. Ito ay isang first class na munisipalidad sa hilaga-kanlurang baybayin ng Lawa ng Laguna. Sakop nito ang mahigit 4,500 hektarya ng lupa. Mahigit sa 1,500 hektarya nito ay nasa loob ng Fort Bonifacio Military Reservation.

Ang Bagong Tanyag ay isa sa 18 barangay ng Taguig. Ito ay nahahati sa tatlong bahagi: Tanyag Proper, North Daang Hari at South Daang Hari. Dito nakatira ang maraming manggagawa ng mga pabrika at warehouse na nasa Industrial Complex sa loob mismo ng Bagong Tanyag.

Sa dami ng mga bahay at sikip ng daan, hindi nakakapasok ang mga sasakyan sa mga purok sa looban. Umaasa sila sa trolley para sa transportasyon. Dumadaan ng riles ng tren ng Philippine National Railways sa ilang barangay.

Noong 1960, ang Bagong Tanyag ang naging relokasyon ng mga pamilyang mula sa ibang bahagi ng Metro Manila. Napaalis sila sa dating tirahan dahil sa demolisyon.



Simula noon, unti-unting dumami ang mga residente. Ang ilan ay mga kamag-anak na galing sa mga probinsya. Kasabay ng pagdagsa ng mga tao ay ang patuloy na pagbungkal ng mabato at matalahib na lupain uapng mapagtayuan ng mga bahay. Ayon sa 2000 na datos mula sa Munisipyo, ang populasyon ng Bagong Tanyag ay halos 42,000 o mahigit 8000 kabahayan. Ang lugar ay may sukat na 217 hektarya. Kabilang ang Bagong Tanyag sa tinaguriang "depressed areas" ng Taguig.

Nagsilbing unang tahanan ng mga mag-aaral ng CD ang Purok 13 sa South Daang Hari. Dito rin matatagpuan ang TCCDLCI. Ang Management Board ng Paaralang Bayan ang katuwang ng CD Department sa buong panahon ng fieldwork. Sa mga sumunod na semestre, naging expansion areas ang Purok 14, 13 Extension, 5, 6, 10 at 11.

Ano nga ba ang buhay sa tabing riles?

A. Walang kasiguruhan sa paninirahan

Malapit sa riles ng tren ang kalakhan ng mga lugar na ito. Apektado sila ng Manila Calabarzon Express (MCX) na naglalayong palawakin ang sakop ng mga riles ng Philippine National Railways. Mula sa 7.5 metro mula sa gitna ng riles, magiging 15 metro ito o 30 metro ang lapad ng sasakupin ng PNR. Samakatuwid, lahat ng apektadong bahay ay dapat alisin.

Ayon sa pag-aaral na ginawa, ang ibang parsela ng lupa ay may mga nagmamay-ari: mga indibidwal, korporasyon o ang gobyerno. Sa kasalukuyan, iba-iba ang estado ng usapin sa lupa. Ang iba ay naumpisahan na ang negosasyon sa mga may-ari. Ang iba naman ay kailangan pang tukuyin ang totoong may-ari dahil maraming umaangkin (na may kanyakanyang papeles). Kailangan ding linawin ang boundary ng lupa na pinoklamang public domain noong 1957 sa panahon ni Pres. Garcia at noong 1986 sa panahon ni Pres. Aquino. Mayroon ding pangako si Pres. Estrada noon na ibibigay sa kanila ang lupa. Para naman sa mga lupa na may kaso, dapat itong idaan sa korte. Nasa proseso din ng pag-aayos ang mga lupang maaaring ipailalim sa Community Mortgage Program ng gobyerno.

B. Kakulangan ng Serbisyong Panlipunan

Katulad ng ibang komunidad ng maralitang tagalunsod, limitado ang serbisyong panlipunan sa malaking bahagi ng South Daang Hari. Maaring mag-traysikel o mag-trolley papunta sa erya. Pero mahal ang pamasaha.



Kung papasok sa looban, may mga pathways na maaring daanan. May tubig at kuryente sa lugar. Kailangan magtipid sa tubig dahil binibili ito ng P2.00 bawat container. Negosyo ito ng ilang residente na may deep well pump (mga panginoong may tubig).

Dikit-dikit at masikip ang mga kabahayan malapit sa riles. Sa ibang bahagi naman ay kumpol-kumpol ang mga bahay na yari sa iba't ibang materyales. Sa Purok 13 at 14, na parehong nasa looban, may lugar para sa basketball court, chapel, barangay hall, day care center at laruan ng mga bata. Sa Purok 14 ay parang probinsya dahil sa topograpiya, mga puno at tanawin.

Maraming problema din tungkol sa kalinisan at kalusugan. Pagpasok pa lang sa erya ay amoy tuna na dahil sa pabrika ng Century malapit dito. Hindi mahusay ang waste disposal kaya maraming tambak ng basura. May ilang bahagi na bumabaha kung panahon ng tag-ulan.

Bagama't may mga klinika sa Tanyag Proper, hindi agad dinadala ang mga maysakit dahil na rin sa kulang ang pera para sa pamasaha, doktor, at gamot. Kung grabe na ang pasyente ay dinadala ito sa malalaking ospital gaya ng PGH. Ilang bata na rin ang namatay dahil huli na nang dalhin sa doktor.

Maraming bata sa daanan dahil ito rin ang kanilang laruan. Bukod sa 5 o 6 na katao bawat pamilya, marami din dito ang mga kamag-anak na nakikitira at mga nagungupahan (transients).

C. Limitadong pagkakakitaan

Marami sa mga naninirahan ay mga manggagawa sa pabrika. Ilan sa mga kababaihan ay dating mga manggagawa. Upang madagdagan ang kita ng pamilya, iba't ibang trabaho ang kanilang pinapasukan: labandera, mananhi, driber, tintera, trabahador sa konstruksyon. Mayroon ding nagtatayo ng sariling negosyo: tindahan, karinderya, bakery, bilyaran, sugalan, videoke, pagbenta ng tubig.

Hindi madali ang paglabas at pagpasok ng produkto. Mahal ang pamasaha at hindi nakakapasok ang sasakyan sa looban.

Kahit may regular na trabaho ang ilan, hindi sapat ang kita nila sa mga pangangailangan ng pamilya. Kailangang humanap ng ibang pagkakakitaan sa panahon ng welga o pagbabawas ng trabahador sa pabrika. May ilang kababaihan din na nagbebenta ng "rejects" mula sa mga pabrika o kaya ay nagba-buy and sell ng ilang produkto.



D. Iba't ibang organisasyon

Maraming mga organisasyon ang nakatayo: homeowners associations, PTA, mothers' class, youth clubs, iba't ibang sekta ng relihiyon, sa paaralan, at sa barangay. Dahil ang karamihan ay mula rin sa ibang urban poor areas, may ilan ding lider na naging kasapi na ng mga unyon at mga grupong pampulitika sa hanay ng maralitang tagalunsod.

Hindi rin maiiwasan na may kanya-kanyang interes ang bawat grupo. Malaki ang impluwensya ng mga lider sa bawat grupo. Hindi rin lingid sa kaalaman ng marami na may mga hidwaan sa pagitan ng ilang mga lider.

Tuwing eleksyon din ay may kanya-kanyang partido at kandidato na pinagmumulan din ng alitan.

Bagama't lahat sila ay apektado ng isyu ng lupa at pabahay, hindi matibay ang pagkakaisa at pagkilos nila tungkol dito. Maaaring epekto ito ng magkakaiba rin ng katangian o estado ang kanilang mga lupa.

E. Seguridad

Pang-araw-araw na tanawin ang mga istambay, inuman at sugalan sa lugar. May mag kaso ng nakawan, bugbugan, pag-amok, snatching, harassment at iba pang krimen. Minsan din ay may raid ukol sa droga o paghuli ng kriminal.

II. Pagpapatatag ng mga lokal na organisasyon

"Ang pag-oorganisa pala ay gawaing hindi de-numero. Ilang ulit man natin itong pag-aralan at tangkaing ilagay sa maayos na pagkakasunud-sunod ay mahirap itong gawin. Ang bawat lugar at sitwasyon ay may kanya-kanyang katangian" - Poyie, 1999

Nagsilbing panimulang gawain ng mga estudyante ang pagtulong sa pamamahala ng Paaralang Bayan. Ang Paaralang Bayan ang naging daluyan ng mga gawain: pagsusuri ng sitwasyon, pagbubuo ng mga komite, mobilisasyon, pagkakaroon ng mga proyekto, pakikipag-ugnayan sa ibang grupo at ahensya. Ang Paaralang Bayan din ang naging isang tuntungan sa pagbubuo ng pederasyon ng mga homeowners association mula sa iba't ibang purok sa South Daang Hari na siyang mangunguna sa pagsususulong ng usapin sa lupa at pabahay.



Sa loob ng pitong semestre, kasama ang mga estudyante sa gawaing pag-oorganisa sa erya. Hindi nakabatay sa tiyak na programa (program-based) kundi ayon sa mga nakikitang pangangailangan ng core group (needs-based) ang naging tuon ng mga gawain. Sa unang 3 semestre (Nob. 1998 - Mar. 2000), ang pamamahala ng Paaralang Bayan ang sentro ng fieldwork. Nagsagawa ng mga maliitang proyekto at mobilisasyon kaugnay ng Paaralang Bayan. Nakasama sa ilang mga gawain ang Purok 14. Sinubukan din maghanap ng mga kontak sa Purok 5 at 6 kaugnay ng mga gawain sa day care. Sa pamamagitan nito ay mas nahasa ang kakayahan ng mga lider. Sa ika-4 na semestre (Nob. 2000 - Mar. 2001), nagdaos ng Summing-Up ang TCCDLCI na kung saan binigyan-pansin ang mga kalakasan at kahinaan ng grupo. Dito rin pinagkaisahan ang sama-samang pagkilos ukol sa usapin ng lupa. Sa sumunod pang 3 semestre (July 2001 - Mar. 2002) magkasabay na binigyan-pansin ang Paaralang Bayan at ang mga pagkilos ukol sa mas malalim ng isyu ng kasiguruhan sa paninirahan. Nilunsad ang Land Research upang masuri ang katayuan ng lupa sa erya. Nagdaos din ng People's Caucus upang talakayin ang mga aksyon ukol sa lupa. Naging tuon ng gawain sa fieldwork ang pagpapatatag ng grupo at pagpapalawak sa ibang Purok (Purok 14, 13 Extension, 5, 6, 10 at 11) bilang paghahanda sa pagbubuo ng pederasyon ng mga homeowners associations sa South Daang Hari.

A. Paraalang Bayan: "entry point" sa pag-oorganisa

Noong 1993, pinagsikapan ng ilang mga magulang na magtayo ng isang day care center sa Purok 6 sa tulong ng San Roque Center for Labor Apostolate, isang institusyon para sa mga mangagawa sa pamamatuway ng ERDA Foundation. Nilipat ang day care sa Purok 13 noong 1996. Pinamahalaan ito ng Purok 13 Homeowners Association, Mothers Club at Parents-Teachers Association sa pakikipagtulungan sa Social Action Center ng St. Scholastica College. Ang huli ang tumulong sa pagbubuo ng kurikulum sa pre-school na binatay sa progresibong kurikulum ng St. Scholastica College. Bukod sa pre-school education, nagkaroon din ng Feeding Program upang maipalaganap ang wasto at masustansyang pagkain para sa mga bata at ang Supplementary Education Program na nagbibigay ng tutorials para sa mga graduates ng TCCDLCI. Ang mga guro sa day care ay mula rin sa hanay ng nanay na binigyan ng pagsasanay. Ang Paaralang Bayan ang naging daluyan ng higit na pagkakakilala ng mga magulang, sa pagsasagawa ng ilang mga proyekto sa komunidad, at ang paghahasa sa kakayahan ng mga lokal na lider.



1. Pakikipamuhay at pagsusuri

Nagsimula ang pagtira ng mga estudyante sa Purok 13. Dito rin sinimulan ang mas malalimang pagsusuri ng sitwasyon sa South Daang Hari. Sa paglipas ng mga semestre, unti-unti ring lumawak ang lugar na ginagalawan ng mga estudyante: Purok 14, 5, 6, 13 Extension hanggang sa Purok 10 at 11. Mas malalim ang naging pakikipamuhay nila sa Purok 13 at 14 dahil dito sila nagtagal. Nandito rin nakatira ang kanilang mga tinuturing na ikalawang pamilya at malalapit na kaibigan.

Sa bawat lugar ay halos sabay-sabay ginawa ang pakikipag-palagayang loob, pagtukoy ng mga kontak, pakikipag-usap sa mga lider at pangangalap ng mga impormasyon tungkol sa lugar. Depende sa katangian ng lugar ay magkakaiba rin ang antas na inabot ng pakikipamuhay ng mga estudyante. Ang mahabang riles ng tren ang kanilang gabay sa pag-ikot sa iba't ibang purok.

Kasabay ng pagtira sa lugar ay ang mas malalim na pagkaunawa sa mga isyu ng maralitang tagalunsod: tungkol sa kanilang mga problema, karapatan, kakayahan at pangarap. Nagbunga rin ito na ilang pagbabago sa sarili at pagpapatibay ng team work sa hanay ng mga estudyante. May mga paghihina ng loob at tagumpay na naranasan.

2. Pakikipagtulungan sa "core group"

Ang naging katuwang ng Fieldwork Program ng Kolehiyo ay ang TCCDLCI Management Board. Ang mga miyembro ng Core Group ay mula lahat sa Board. Ang Core Group ay nagsilbing pangunahing puwersa sa pagpapalano, pamamahala at paggabay sa mga gawain kaugnay ng Paaralang Bayan at ng fieldwork ng mga estudyante. Bukod sa UP, exposure area din ang komunidad ng mga estudyante ng St. Scholastica College. Bilang host PO, ang Purok 13 Management Board ang nag-ayos at nagsiguro nang maayos na paninirahan ng mga estudyante. Sila din ang nagpakikilala sa mga lokal na opisyal at nakipagtulungan sa mga gawain sa erya.

Sa pagtagal ng mga estudyante sa komunidad at kanilang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang purok, naging malapit din sila sa iba pang lider bukod sa mga miyembro ng Core Group. Nakatulong ito sa pagpapalawak ng kanilang pananaw, pati na rin ng kanilang kritikal na pagtingin sa istilo ng liderato sa Purok 13.

3. Pagpapaunlad ng mga lider

Karaniwang nakatira ang mga estudyante sa mga piling lider. Kaya higit nilang nakilala ang mga ito. Bukod dito, naging daan din ng pagpapalitan ng karanasan ng mga estudyante at lider ang mga talakayan, pulong, konsultasyon, pagbisita sa mga bahay, kasayahan, proyekto at mobilisasyon. May ilang mga pagsasanay at pagpapalano/pagtatasa na sinagawa na dinaluhan ng mga lider at ilang kasapi. Ilan sa mga pagsasanay ay tungkol sa pamumuno, pagpapalano, pamamahala ng organisasyon at ukol sa isyu ng lupa at pabahay.

Marami sa mga gawain ay sinagawa sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga komite. Ang koordinasyon ay pinangunahan ng Core Group sa pakikipagtulungan ng mga estudyante. Nagsagawa rin ng profile ng ilang piling lider na siyang naging batayan ng pagpapalawak ng grupo. Sa hanay ng mga kabataan at mga bata, nakapagtukoy din ng mga potensyal na lider. Nagkaroon din ng mga pagsasanay sa pamumuno at pamamahala ng organisasyon sa mga kabataan at Performing Arts Workshops para sa mga bata. Nabuo din ang Day Care Club sa hanay ng mga bata, na karamihan ay graduates ng TCCDLCI.

4. Pakikipag-ugnayan sa ibang purok at mga ahensya

Naging entry point din ang Paaralang Bayan sa pakikipag-ugnayan sa ibang purok. Bilang pagpapalawak ng serbisyo ng Paaralang Bayan ng Purok 13, tumulong ito sa pagsasanay ng mga Gurong Kalinga sa Day care centers sa ibang purok. Regular na nagsagawa ng Teachers' Conference, sa tulong ng St. Scholastica College, upang mapaunlad ang kasanayan ng mga guro. Sa pamamagitan nito unang nakilala ang mga lider sa ibang purok at masuri ang kalagayan ng kani-kanilang lugar.

Nakipag-ugnayan din sa ibang mga ahensya kaugnay ng paghingi ng suporta sa ilang mga gawain sa erya : mga doctor at gamot para sa medical missions, pasilidad para sa mga pagsasanay, impormasyon para sa pananaliksik ukol sa isyu ng lupa at iba pa.

B. Mga Mobilisasyon

Sinubukang pakilusin ang higit na mas maraming residente ng komunidad sa pamamagitan ng paglulunsad ng ilang maliliit na proyekto. Naging sentro ng mga gawain ay ang Paaralang Bayan at satellite day care centers nito sa ibang purok.



1. Pagtugon sa mga pangangailangan

Isa sa mga pangangailangan ng lugar ay serbisyong pangkalusugan. Ito ang nagbunsod na mga medical missions na sinagawa. Naging matagumpay ang mga ito dahil marami ang natulungan at nakangalap ng resources para dito. Noong una ay ang mga estudyante ang pangunahing kumilos. Sa kalaunan, may mga komite na binuo para sa mga gawain. Kasama rin ang ilang lider sa pakikipag-usap sa mag suportang ahensya. Para sa susunod ay puede nang sila ang gumawa nito.

Dahil sa kakulangan ng pagkakakitaan, gumawa ng proposal ukol sa Karenderyang Bayan na pamamahalaan ng mga nanay. Nilapit ito sa ilang ahensya. Ngunit hindi ito naituloy dahil sa kawalan ng pondo. Ang Feeding Program at Supplementary Educational Program ng Paaralang Bayan ay nakatulong din sa mga pamilya ng mga mag-aaral.

2. Pangangalap ng pondo/ "resources"

Ang Feeding Program at suweldo ng mga titser sa day care ay mula sa tuition fee ng mga bata. Sinubukan itong dagdagan sa pamamagitan ng ilang fund raising activities katulad ng pasayaw, Ms. Day Care Contest, pa-raffle, pa-bingo at rummage sale. Nakatulong ang mga ito upang isakatuparan ang ilang mga plano pero maliit lang ang kita sa mga ito. May pagkakataon din na ang usapin sa pera ay pinagmulan ng maliliit na intriga.

3. Edukasyon at pananaliksik

Upang maging mas malalim ang pagsusuri sa usapin ng lupa sa lugar, nagkaroon ng mga talakayan at pananaliksik kaugnay nito. Bukod sa mga serye ng talakayan o educational sessions, nagkaroon ng ilang malakihang gawain:

Summing-Up:

Noong Oktubre 2000, nagsagawa ng Summing-Up ang TCCDLCI upang matukoy ang mga aral at tunguhin ng Paaralang Bayan sa pamamagitan ng pagbabaliktanaw sa mga karanasan nito sa nakalipas na anim na taon. Inimbita rin ang mga lider mula sa ibang Purok. Malaki ang naitulong nito sa pagpapalano ng kanilang mga susunod na hakbang. Isa sa mga nakitang tuon ng pagkilos ay ang isyu ng lupa.

Land Research:

May komite mula sa hanay ng mga lider na binuo para dito na siyang katuwang ng mga estudyante sa paggawa ng pananaliksik. Nangalap ng datos mulas sa iba't ibang ahensya, kinuha at sinuri ang mga mahahalagang dokumento, at nag-interbyu ng mga key informants. Hindi naging madali ang gawaing ito. Ngunit maraming impormasyon ang nailinaw. Nagkaroon ng ulat ukol sa mga nakalap na datos na binigay sa core group. Ginamit ito para sa sumunod na pag-aaral at pagpapalano sa mga pagkilos.

People's Caucus:

Dalawang People's Caucus ang sinagawa (2001 at 2002). Dinaluhan ito ng mga kinatawan ng iba't ibang purok upang talakayin ang resulta ng Land Research at talakayin ang kanilang mga aksyon tungkol dito. Dito rin pinag-usapan kung anong antas na ang mga negosasyon na nagawa ng bawa't grupo ukol sa kanilang mga parsela ng lupa. Ito rin sana ang springboard ng pagbubuo ng pederasyon, ngunit nauna na ang inisyatiba mula sa ibang grupo (KMKP at UPICOB). Ngunit marami rin sa dumalo ay kasapi rin ng pederasyon.

C. Usapin sa lupa at pabahay

Mula sa pagtataguyod ng Paaralang Bayan ay umangat ang antas ng mga pagkilos sa isyu ng lupa at pabahay. Kasabay nito ay ang paglawak ng mga gawain at responsibilidad ng mga lokal na organisasyon.

1. Pagpapatatag ng organisasyon

Lahat ng mga gawaing nabanggit ay bahagi ng pagpapatatag ng organisasyon. Ilan sa mga pamamaraan sinagawa para dito ay : pagbubuo ng mga komite, pagsasanay, mobilisasyon, mga pulong. Ang pagtuon sa isyu ng lupa ay bunga na rin ng direktang epekto nito sa kanila. Malaki ang tulong na naibigay ng mga pag-aaral upang higit silang ihanda sa pagkilos tungkol dito.

Sa Purok 13, sinubukang ayusin ang mga sigalot sa loob ng grupo. Marami ding mga naging tagumpay ang grupo. Sila ang nanguna



sa paglago ng Paaralang Bayan. Nagpakita din sila ng sigasig upang pahasayin ang pamamalakad ng iba't ibang proyekto ng organisasyon.

Sa Purok 14, tumulong ang mga estudyante na buuin ang sarili nilang Management Board. para sa day care. Inayos din ang rehistrasyon ng homeowners association sa SEC.

Sa ibang purok ay hanggang pagtukoy ng mga kontak ang naabot ng estudyante. Nagsagawa ng profile sa mga iba't ibang nakatayong organisasyon sa erya. Ito ang naging batayan ng pagbubuo ng pederasyon.

2. Pagbubuo ng pederasyon

Matagal nang balak ng mga lider na makipag-ugnayan sa ibang mga purok at magbuo ng pederasyon upang tutukan ang isyu ng lupa. Magkakakilala sila at nagkakasama sa ilang mga mobilisasyon at pagsasanay.

Noong Sept. 2001 ginanap ang unang kongreso at pormal na nilunsad ang United Neighborhood Association of South Daang Hari Federation (UNASDHFed). Ito ay pinagunahan ng mga lider ng homeowners associations ng Purok 6, 10, 11, 13 at 14. Nagbuo ng Konseho ng mga Lider ang pederasyon at nagkaroon ng 5 komite: Expansion, Edukasyon, Pakikipag-ugnay at Adbokasi, Pananalapi, at Proyektong Pangkabuhayan. Pinag-usapan din nila ang kanilang mga kagyat at pangmatagalang plano.

Halos kasabay ng UNASDHFed ay ang pagtatag ng United Youth Organization of South Daang Hari. Ito ang youth arm ng pederasyon na layuning sagutan ang interes ng kabataan at tumulong sa usapin ng lupa

3. Mga pagkilos ukol sa isyu ng lupa

Ayon sa katayuan ng mga parselang lupa, may mga negosasyon na sinagawa upang ayusin ang kasiguruhan sa paninirahan. Katulad sa Purok 13 at 14, nasa iba't ibang antas ng pakikipag-usap sa may-ari ang mga lugar na malinaw ang mga dokumento. Sa ibang lugar naman ay inaalam pa rin kung sino ang tunay na may-ari. Mayroon ding mga konsultasyon sa lokal na pamahalaan at ilang ahensya ng gobyerno.

III. Mga naging problema

“Inakala naming matatag ang samahan ng grupo ngunit sa ilang pagkakataon ay hindi rin nito kinaya ang pagsapit ng bagyo” - Ann, 2001

1. Kakayahan ng host PO na panghawakan ang expansion work

Ang unang naging batayan ng pagpapalawak ay ang pagtataguyod ng Paaralang Bayan sa karatig pook ng Purok 13. Nauunawaan ito ng mayorya ng TCCDLCI Management Board (ang host PO) pero hindi sa kanila nagmula ang ideyang ito. Sa mga fieldwork students nasentro ang mga gawain sa expansion work. Naging mabunga ang ugnayan ng Purok 13 sa ibang purok ukol sa Paaralang Bayan at Teachers' Conference. Ngunit hindi ito naging tuloy-tuloy dahil kulang ang follow-up tuwing bakasyon ang mga estudyante.

Nang umangat sa antas ng lupa at paninirahan ang isyu sa iba't ibang purok, naging daluyan ang Paaralang Bayan dahil mga lider din ang kausap. Pero may ilang mga tanong na sumulpot: Sino (anong purok) ang mangunguna sa isyu samantalang may sariling mga aksyon na ang bawat purok? Nagkakaisa ba ang Purok 13 Management Board sa kanilang pananaw at kung paano isusulong ito? Sino ang mangunguna sa pagbubuo ng pederasyon?

Medyo komplikado ang huling tanong dahil habang may ginagawa ng Purok 13 para sa pagbubuo ng pederasyon, mayroon ding mga inisyatiba mula sa ibang grupo katulad ng KMKP at UPICOB. May ilang lider sa Purok 13 at sa expansion areas na kasapi rin sa KMKP. At dahil na rin sa internal na problema ng Management Board, nabuo ang pederasyon sa pangunguna ng KMKP.

2. Komplikado ang usapin ng lupa at pabahay

Malaki ang naitulong ng pananaliksik ukol sa lupa upang mapalalim ang pag-unawa ng mga residente. Dahil magkakaiba ng katayuan ang bawat parcela ng lupa, may tendensya na kanya-kanya rin ang aksyong gagawin. Nagkaroon ng ilang paksyon sa hanay ng mga residente. Hindi nagkakaisa sa kanilang posisyon, lalo na sa pakikipagnegosasyon sa may-ari o sa gobyerno.



Komplikado rin ang ilang legal na probisyon tungkol sa paninirahan. Kasabay ng mga programa ng gobyerno para tulungan ang mga mahihirap ay mga programang pang-infrastruktura na nagbabanta sa kasiguruhan ng kanilang paninirahan. Bukod ditto, may mga pulitiko at grupo rin na nakikigulo sa usapindahil na rin sa mga pansariling interes.

Tuloy-tuloy na pagkilos ang kailangan upang harapin ang isyu ng lupa. Hindi ito maaring manatili na pang-purok na gawain. Kailangan nito ng mas malawak na suporta at mas malakas na puwersa sa pakikipagnegosasyon at paggigiit ng karapatan ng maralitang tagalunsod.

3. Kakulangan ng perspektibo sa gender sa pag-oorganisa

Marami sa mga lider ay babae. May ilan sa kanila na may kritikal na kamulatan dahil sa kanilang karanasan bilang maralitang tagalunsod at bilang manggagawa. Nagpag-usapan ang kanilang sitwasyon bilang mga babae sa mga huntahan, talakayan, at pulong. Bahagi ng pagsusuri ng sitwasyon ng ginawa ng mga estudyante ang usapin sa gender (gender analysis). Nagkaroon din ng ilang proyekto bilang tugon sa kanilang partikular na pangangailangan.

Bilang mga lider, malaki ang pag-unlad nila mula sa pagiging kimi tungo sa pagtitiwala sa sariling kakayahan at pagiging aktibo sa organisasyon. Ngunit kung susuriin ang relasyon sa loob ng kanilang mga pamilya at sa loob ng grupo, hindi gaanong nabago ito. May mga pagkakataon na ito pa nga ang nakakahadlang sa kanilang gawain sa organisasyon.

Karamihan sa mga naging gawain sa organisasyon ay activity-based (o ayon sa mga panandaliang plano). Hindi nabigyan ng mas malalim na pansin ang pagtataas ng kamulatan ng mga lider bilang mga babae rin.

4. Tunggalian ng mga ideya

Naiparating ang ilang puna ukol sa pag-oorganisa sa mga konsultasyon, pagtatasa at mga ulat na pinasa sa host PO at organisador. May ilang rekomendasyong napatupad at mayroon din naman na mahirap igiit. Ilan sa mga kritikal na usapin na sinikap i-proseso:



- * Kadalasan ang mga ideya ay nagmumula sa organisador at pinapadaloy lang ito sa ilang mga lider. Kahit hindi sumasang-ayon lahat o hindi gaaanong nauunawaan ay naiaangat ito bilang desisyon ng grupo dahil malakas ang impluwensya ng organisador. Ito marahil ang dahilan kung bakit may tendensya na umasa sa organisador sa ilang mahahalagang desisyon na kaya na sanang gawin ng grupo. Pinagmumulan din ito ng sama ng loob ng ilan, at pagpuna mula sa ibang tao sa komunidad.
- * Sa pagbubuo ng pederasyon ay naging malaking isyu kung sino ang mangunguna. Sa pananaw ng mga estudyante, hindi mahalaga kung anong grupo ang naunang pumapel, mas mahalaga kung naisusulong ba ang interes ng marami. Ngunit may salungat na pananaw sa loob ng Management Board. Sa huli, nagbigay ng suporta ang mga estudyante sa pagbubuo ng pederasyon kahit hindi buo ang pagsang-ayon ng host PO.

IV. Mga aral mula sa fieldwork

“Punong-puno ako ng mga tanong kung paano ko dapat gawin ang trabaho ngunit nakaligtaan kong tingnan at pag-aralan ang aking sarili...Ano nga ba aking mga paniniwala at prinsipyo sa buhay? Paano ko tinitingnan ang sitwasyon?” - Rommel, 2001

1. Epektibo at angkop na entry point ang Paaralang Bayan sa pag-oorganisa.

Pinatunayan ng karanasan sa South Daang Hari na dama ng mga residente ang pangangailangan ng mahusay na edukasyon at pagkalinga para sa kanilang mga anak. Sa pagtataguyod ng TCCDLCI ay naipakita nila ang kanilang kakayahan sa organisadong pagkilos at pamamahala. Nagbigay ng oportunidad ang Paaralang Bayan upang pahasayin pa ang kanilang kasanayan sa sama-samang pagkilos. Naging tuntungan din ang karanasan nila dito sa pagharap ng mas malaking isyu ng lupa at pabahay.

2. Ang usapin ng lupa at pabahay ang nagbibigkis sa mayorya ng mga maralitang tagalunsod.

Sa maraming dekada ng pag-oorganisa sa kalunsuran, nananatiling ang pangunahing isyu pa rin ay ang kawalan ng kasiguruhan sa paninirahan. Anumang mga istrategya, gawain o proyekto ay kailangang iugnay at sumuporta upang isulong ang ganitong tunguhin.



Anumang pagkilos ay hindi dapat manatiling maliitan o area-based. Kritikal dito ang malawakang suporta upang isulong ang karapatan sa pabahay.

3. Dahil pangmatagalan ang isyu ng lupa, kailangan ng kaakibat na pag-unlad ng mga organisasyon upang tugunan ang mga hamon nito.

Mahalaga ang mahusay at kolektibong liderato upang pangunahan ang mga pagkilos. Kasabay nito ay ang pagpapatatag ng mga mekanismo sa loob ng organisasyon at pagpapalawak ng kasapian o mass base ng grupo. Makakatulong din ang mga suportang grupo sa pagtugon sa malalaking isyu katulad ng lupa at pabahay.

4. Sa maraming mga organisasyon, hindi maiiwasan ang mga tunggalian kahit sa hanay ng mga lider.

Kung hindi agad mareresolba ang mga ito, baka magpatong-patong habang tumatagal. At pana-panahon ay makakaapekto ito sa relasyon sa loob ng organisasyon, lalo sa panahon ng krisis. Pero kung ang mga tunggalian ay naaayos, maari itong magbunga na mas matibay na pagkakaisa sa samahan.

5. Ano nga ba ang papel ng organisador?

Kailan siya mangunguna at kailan din siya magbibigay-daan sa desisyon ng nakakarami? Hangagang saan ang kanyang impluwensya sa takbo at tunguhin ng gawaing pag-oorganisa? Sa anumang gawain sa komunidad ay kailangan kabahagi ang mga tao. Kahit sabihin pang kagyat ang pangangailangan, hindi puedeng pabilisin kung maiiwan naman sila - lalo ang mga lider. Kung palaging nakasento sa organisador ang mga desisyon baka maging palaasa sila sa iba at hindi sa sariling kakayahan.

6. Ang pagkilala at pagsusuri ng mga puna at problema ay mahalaga sa pagpapahusay ng mga gawain.

Hindi madali ang tumanggap ng puna. Pero ito ang pinagmumulan ng pagkatuto at mga aral para sa patuloy na paghahasa ng mga kaalaman, kasanayan at aktitud ng mga estudyante at guro, mga lider at kasapi, organisador at organisasyon.



Naging mabunga ang fieldwork ng mga estudyante sa South Daang Hari sa loob ng apat na taon. Hindi matatawaran ang mga karanasan at aral na nakuha ng mga mag-aaral mula sa pakikipamahayag sa erya. Malawak ang naging sakop ng mga gawain: mula pananaliksik, pagsasanay, mobilisasyon, pagpapatatag at pagpapalawak. Iba't ibang larangan din ang sinikap matutunan: pagtuturo ng mga bata, kalusugan, pangangalap ng resources, isyu ng lupa at pabahay, pakikipagtulungan sa lokal na pamahalaan at maraming pang iba. Nakasalamuha rin ng mga estudyante ang maraminggrupo: mga nanay at magulang, mga organisasyon ng homeowners at sekta ng relihiyon, barangay, mga kabataan at bata, hanggang sa pederasyon.

Maraming mga kuwento ang nangyari sa Taguig; may masaya at may malungkot din. Lahat 'yon ay mahalaga. Siyanga pala, hindi kasama sa ulat na ito ang mga kakulitan, sumpong, pag-aalinlangan at krisis sa buhay na dinaanan ng mga estudyante. Pero ibang kuwento pa 'yon.

"Siyanga pala dehins ko pa nalilimutan ang bilin nyo na magkabaliktad man ang daigdig ay 'wag akong mangiming bumalik"....
- Tiago, 2002

ABOUT THE AUTHOR



MA. THERESA V. TUNG PALAN (Ph D Education, Masters in Community Development, Masters in Rural Social Development, A.B. Psychology) is a professor of the Department of Community Development in the College of Social Work and Community Development. She has acted as trainer/consultant in different trainings and community-based programs of government and non-government agencies. She has conducted researches on various social development concerns.

Her areas of specialization include community development, community education, participatory research, evaluation research, gender and development and community-based programs.